POPULATION HEALTH DIVISION
SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH

# EPIDIDYMITIS

Ang epididymitis ay ang pamamaga at pananakit ng tubo sa paligid ng mga testicle o kung minsan sa mga testicle mismo. Kadalasan, ngunit hindi palaging, sanhi ng bacteria na nakukuha sa pakikipagtalik gaya ng chlamydia at gonorrhea.

## *Paano kumakalat ang epididymitis?*

Ang bacteria na nagdudulot ng epididymitis ay maaaring maipasa mula sa isang tao patungo sa isa pa sa panahon ng vaginal, anal, at oral sex.

## *Ano ang dapat kong hanapin?*

Pananakit, pamamaga o pamumula at init ng mga testicle (balls) o scrotum (ball-sack). Maaari ka ring magkaroon ng pananakit kapag umihi ka o may discharge mula sa penis.

## *Malubha ba ang epididymitis?*

Oo. Ang impeksyon ay maaaring kumalat mula sa scrotum patungo sa iba pang bahagi ng katawan at maaaring magdulot ng patuloy na pananakit at humantong sa pagkabaog (pagbara ng isperm). Ang epididymitis ay maaaring magdulot ng pananakit na tumatagal kahit magaling ka na.

## *Anong mangyayari kung mayroon akong epididymitis?*

- Bibigyan ka ng gamot na antibiotic. Susuriin namin ang iyong ihi para sa gonorrhea at chlamydia at mycoplasma genitalium. *Mahalagang tapusin ang iyong gamot para tuluyang mapatay ang bacteria.*
- Dapat na gamutin ang iyong mga sex partner. Kapag hindi sila ginamot, maaaring maibalik nila ang impeksyon sa iyo, o makahawa sa iba.
- Huwag makipagtalik hanggang sa matapos mo ang gamot. Huwag makipagtalik sa iyong partner habang pareho kayong umiinom ng inyong gamot.
- Maaari mong gamutin ang pananakit mula sa epididymitis sa pamamagitan ng mainit na paligo, ibuprofen at pagsusuot ng underpants na nagbibigay ng maraming suporta.
- Kahit na negatibo ang iyong mga pagsusuri para sa chlamydia, gonorrhea o mycoplasma, hindi ito nangangahulugan na wala kang impeksyon. Tandaan, mayroong ilang iba't ibang sanhi ng epididymitis, ang ilan ay hindi pa natin nasusuri.
- Bumalik sa klinika pagkaraan ng 3 araw para masigurado nating gumagaling ka. Kung lumalala ang iyong nararamdaman na pananakit o nilalagnat ka o masama ang iyong pakiramdam, pumunta sa emergency room.

## *Paano ko maiiwasan ang pagkakaroon ng epididymitis?*

- Magplano nang maaga! Protektahan ang iyong sarili!
- Kung iniisip mong makipagtalik sa bagong partner:
  - Pag-usapan ang tungkol sa mga STI.
  - Ang mga condom ay mabisa sa pagbabawas ng panganib ng impeksyon.

*-over-*

- Huwag makipagtalik kung ikaw o ang isang sexual partner ay mayroong mga sintomas ng STI (sexually transmitted infection).

Kung nagkasakit ka ng epididymitis mula sa anal sex, at hindi mo alam ang kalagayan sa HIV ng iyong sexual partner, dapat kang magpasuri para sa HIV. Kausapin ang iyong clinician tungkol sa kung paano protektahan ang iyong sarili mula sa HIV at iba pang mga STI.

**Para sa higit pang impormasyon:**
Mangyaring makipag-usap sa iyong City Clinic clinician o sa iyong sariling health care provider.Ang sumusunod na mga website ay nag-aalok din ng makakatulong na impormasyon:

**Pangkalahatang STI**
www.ashasexualhealth.org (mayroon din sa Español)
www.cdc.gov/std/
www.sfcityclinic.org
www.sfsi.org/

**Contraception at STI/sex info**
www.bedsider.org

**Teens**
www.iwannaknow.org
www.kidshealth.org/teen (mayroon din sa Español)
www.scarleteen.com

Para sa STI check-up o paggamot,
makipagkita sa iyong health care provider, local clinic, o pumunta sa:

City Clinic
A landmark in prevention

City Clinic
356 7th Street
(sa pagitan ng Folsom at Harrison)
San Francisco, CA 94103
(628)217-6600

*Binuo ng San Francisco City Clinic (628)217-6600* *binago 1/2024*